Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

ANG KAPASIYAHAN

na nagtitibay at kumikilala sa Kasunduang pinasok at nilagdaan ni Punong-bayan Roberto R. Gonzales upang maisakatuparan ang sumusunod na pagawaing bayan:

a. Pagsesemento sa Daan ng Olympia Subd., Phase I (Original)
b. Pagsesemento sa Daan ng Barangay Santo Domingo.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

************

Iniulat ni Kag. Puzon sa kapulungan ang pagdaraos ng isang Pagsasanay may kinalaman sa Pagpapaunlad ng Ekolohiya at Kalinisan ng Kapaligiran (Ecological & Environmental Sanitation) na gaganapin simula sa Ika-21, 22, 27, 28 at 29 ng Nobyembre, 1991 sa Gusaling Gabaldon. Kaugnay ng ulat ay hiniling niya na makapaglaanan ang pamahalaang bayan ng ₱10,000.00. Sinambot ito ni Kag. Entena at Kag. Perez na nagpahayag na maaaring kulangin ang nabanggit na halaga, kaya't pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXVII-'91 (67)
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Perez)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LABING LIMANG LIBONG PISO (₱15,000.00) upang iukol sa gastusin ng isasagawang Pagsasanay hinggil sa Pagpapaunlad ng Ekolohiya at Kalinisan ng Kapaligiran.

IPINASIYA, din na ang salaping inilaan ay magmula sa Internal Revenue Allotment.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED
RESOLUTION No. 16-'92
PROVINCIAL BOARD
Enero 22, 1992

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZLAES
Punong-bayan

*************

Kaugnay ng pinagtibay na Kautusan ay hiniling ni Kag. Perez na dumalo ang mga kagawad sa Pagsasanay.

ANTONICO B. DICTADO
Pang. Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
ERIC T. PUZON, Kagawad
URIEL T. MANGAHIS, Kagawad
ADELO T. PEREZ, Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad
REYNALDO C. ENTENA, Kagawad
ALICIA C. LAZAGA, Kagawad
RAMON G. MARCELO, Kagawad